

Petsa ng pagkakaroon ng bisa: Enero 15, 2018

Impormasyon tungkol sa iyong kahilingan para sa medikal na talaan

Minamahal na Pasyente,

Bilang bahagi ng aming pangako sa aming mga pasyente at komunidad, pinagsisikapan ng PeaceHealth na padaliin ang pag-access sa klinikal na datos at pahusayin ang proseso ng impormasyong pangkalusugan.

Maa-access ang karamihan ng iyong personal na talaan ng kalusugan sa PeaceHealth online, ***nang walang bayad***, sa www.MyPeaceHealth.org, mula sa iyong computer o mobile device.

Kasama sa mga maaari mong makita sa portal ng pasyente ng **My PeaceHealth** ang:

- Mga resulta ng pagsusuri - mga laboratoryo, pathology, diagnostic imaging (mga X-ray, MRI, Ultrasound, CT), at iba pang resulta ng pag-aaral
- Listahan ng gamot
- Mga allergy
- Listahan ng problema
- Mga tala ng provider
- Mga buod na ibinibigay pagkatapos ng pagbisita

Madali lang mag-sign up. I-click lang ang button na **Mag-sign Up Ngayon** sa ilalim ng **“Bagong User?”** sa www.MyPeaceHealth.org. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagpapatala, tumawag sa Customer Service ng PeaceHealth sa 877-202-3597.

Para sa mga karagdagang kahilingan sa mga personal na talaan ng kalusugan, nakipagtulungan ang PeaceHealth sa CIOX Health, ang pinakamalaking provider ng mga serbisyo sa paglalabas ng medikal na impormasyon sa bansa upang maproseso at matugunan ang iyong kahilingan para sa isang kopya ng iyong medikal na talaan. Maaari kaming tawagan sa **360-729-1300**. Mag-email sa amin sa ReleaseofInfo@peacehealth.org. O bumisita sa amin sa www.PeaceHealth.org; i-click ang link na **Para sa Mga Pasyente**, at piliin ang **Mga Medikal na Talaan**.

Digital na kina-capture ng isang kinatawan ng mga serbisyo sa kliyente ng CIOX Health ang iyong pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan mula sa medikal na talaan ng pasilidad sa pamamagitan ng aming kumpidensyal at ligtas na platform ng teknolohiya. Pagkatapos, digital na ipinapadala ang impormasyon ng iyong medikal na talaan sa aming Processing Center para sa Paglalabas ng Impormasyon, kung saan ito inilalagay sa package at ipinapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo o electronic na paraan, gamit ang aming functionality na eDelivery, na nasa format na sumusunod sa HIPAA. Maaari mo ring piliing daanan ang iyong mga talaan sa isang pasilidad ng PeaceHealth sa *pamamagitan lang ng pagpapa-appointment*. Tumawag sa **360-729-1300** upang magpa-appointment.

Dahil sa mahihigpit na pamamaraan at hakbang sa prosesong ito, na tinatawag na proseso ng paglalabas ng impormasyon, may mga kaugnay na gastusin at, samakatuwid, maniningil ng bayarin para sa serbisyonang ito.

Petsa ng pagkakaroon ng bisa: Enero 15, 2018

Ganito kinakalkula ang mga bayarin sa mga kahilingan ng pasyente para sa mga medikal na talaan:

Paano iniimbak ang mga ito → Paano inilalabas

Ano ang Bayarin

<u>ang mga ito</u>		<u>Ano ang Bayarin</u>	
Electronic	→	Electronic	\$6.50 + buwis
Electronic	→	Papel	\$0.90 gastusin sa paggawa + \$0.05/supply ng pahina + bayad sa koreo + buwis sa pagbebenta
Hybrid (Papel at EMR)	→	Electronic	\$6.50 (EMR) + \$0.07 bawat papel na pahina + buwis + bayad sa koreo
Hybrid (Papel at EMR)	→	Papel	\$0.07/pahina + \$0.90 paggawa + \$0.05/supply ng pahina + bayad sa koreo+ buwis sa pagbebenta
Papel	→	Electronic	\$0.07 bawat pahina + buwis + bayad sa koreo
Papel	→	Papel	\$0.07/paggawa ng pahina + \$0.05/supply ng pahina + buwis + bayad sa koreo

Dapat i-remit sa **CIOX Health** ang bayarin ayon sa tagubilin sa invoice na matatanggap mo. Dapat ipangalan sa **CIOX Health** ang mga tseke. Maaari ding bayaran ng mga pasyente ang kanilang mga invoice online sa www.healthportpay.com.

Tinatanggap din ang mga sumusunod na credit card:



Bagama't kinontrata ang CIOX Health na magbigay ng mga serbisyo sa paglalabas ng impormasyon, layunin din ng PeaceHealth na ibigay sa iyo ang hinihiling mong medikal na talaan sa mahusay at ligtas na paraan. Gusto naming matiyak na nauunawaan mo ang proseso ng pagbibigay sa iyong mga talaan, at ang mga gastusing nauugnay sa pagkuha ng mga ito.

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin sa **360-729-1300** kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga serbisyong ibinibigay ng CIOX Health sa ngalan ng PeaceHealth, o tungkol sa bill na maaari mong matanggap bilang resulta ng iyong kahilingan para mga medikal na talaan.

Sa pagbibigay ng mga epektibo at pinahusay na proseso ng pamamahala ng impormasyong pangkalusugan, naisusulong ang aming Misyong sa PeaceHealth na magbigay ng pangangalagang dekalidad at nakatuon sa pasyente sa mga susunod pang taon.

Salamat sa pagpili sa PeaceHealth. Lubos naming ikinalulugod na maging iyong pinagkakatiwalaang provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Taos-puso,

Paula Hampton

System Director, Health Information Management
PeaceHealth System Services Center

Matthew Zastoupil

Vice President of Operations
CIOX Health